

Naka-embargo hanggang: 08:30 (Maynila) / 00:30 (UTC) Mayo 05, 2021

IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™

Mabilis ang paglago ng pagmamanupaktura sa ASEAN sa pinakamatatag simula noong Hulyo 2014

Mga pangunahing nalaman

Umabot ang headline na PMI sa halos pinakamataas sa loob ng pitong taon sa gitna ng pinabilis na pagtaas sa output

Pinakamabilis na pagdami ng bagong trabaho simula noong Mayo 2013

Pinakamalaki ang kumpiyansa sa negosyo simula noong Enero 2020

Kinolekta ang data noong Abril 12-26, 2021.

Kapansin-pansing mas mabilis ang pagganda ng mga kundisyon sa pagmamanupaktura sa ASEAN noong Abril, at ito ang pinakamabilis simula noong Hulyo 2014, ayon sa pinakahuling data ng Purchasing Managers' Index (PMI™) ng IHS Markit. Nasa gitna ng mas magandang performance ng sektor ang pinakamabilis na pagtaas sa output simula noong Hulyo 2014 at ang pinakamabilis na pagdami ng mga bagong order simula noong Mayo 2013. Kasabay nito, mas lumaki ang kumpiyansa sa negosyo, kung saan ang mga kumpanya ang may pinakapositibong pananaw sa susunod na taon para sa output sa loob ng mahigit isang taon.

Na-post ang headline na PMI nang mas mataas sa neutral na 50.0 na marka para sa ikalawang kasunod na buwan, mula 50.8 noong Marso ay tumaas ito sa 51.9 noong Abril, na nagpapahiwatig ng pinakamabilis na pagganda ng kalagayan ng sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN simula noong Hulyo 2014 na siyang katamtaman sa pangkalahatan.

Sa pitong kasaping bansa, ang Vietnam ang may pinakamagandang paglago. Dito, umabot ang headline na PMI sa halos pinakamataas sa loob ng dalawa at kalahating taon na 54.7 at nagpahiwatig ito ng mabilis na paglawak. Malapit na sumusunod ang Indonesia, kung saan umabot ang PMI sa pinakamataas na naitala (simula noong unang bahagi ng 2011) na 54.6, at nagpakita rin ito ng kapansin-pansing pag-unlad sa mga pangkalahatang kundisyon sa pagmamanupaktura.

Nakapagtala din ng paglago sa Malaysia, kung saan umakyat ang headline na index nang higit sa neutral na 50.0 na marka sa unang pagkakataon sa loob ng sampung buwan at sa pangalawang pagkakataon lang simula noong Setyembre 2018. Sa 53.9, naging pinakamabilis din ang paglago sa kasaysayan ng serye (simula noong gitna ng 2012). Nakita ring bumalik ang Thailand sa paglawak noong Abril. Gayunpaman, ang headline na PMI (50.7) ay nagpapahiwatig lang ng katamtamang paglago.

Sa ibang dako, nakapagtala ang Singapore at Pilipinas ng mga panibagong contraction noong Abril. Para sa nauna, ipinapahiwatig ng headline na index (49.5) ang unang pagbulusok sa mga kundisyon simula noong nakaraang Setyembre, pero maliit na bahagi lang ito. Sa Pilipinas, ang contraction ang una sa apat na buwan at, bagama't bahagya lang, ito ang pinakamabilis simula noong Oktubre 2020 (index sa 49.0).

ipinagpatuloy...

ASEAN Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

Komento

Nagkomento sa mga resulta ng pinakabagong survey si Lewis Cooper, Ekonomista sa IHS Markit, aniya:

"Mukhang nakakabawi na ang sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN noong Abril. Pinakamabilis ang pagbuti ng mga kundisyon ng negosyo magmula noong Hulyo 2014 sa gitna ng mas malakas na pagtaas sa output, habang ang pinakahuling paglago ng mga bagong order ay pinakamabilis magmula noong Mayo 2013.

"Kaugnay nito, naitala ng mga kumpanya ang pinakamagandang pananaw sa paparating na taon simula noong Enero 2020, kung saan naaangkop nang husto ang kumpiyansa sa average ng serye.

"Kapansin-pansin ulit ang mga pagkaantala sa supply, bagama't hindi ganoon katindi, habang pinakamaikli ang pagtagal ng mga average na lead time magmula noong nakaraang Nobyembre, na nagpapahiwatig ng paghupa ng mga pressure sa supply chain habang papasok tayo sa pangalawang quarter ng taon. Gayunpaman, patuloy na tumataas ang mga gastos noong Abril, kung saan ang rate ng inflation ay isa sa pinakabilis na naitala rito.

"Sa pangkalahatan, nagpakita ang PMI data noong Abril ng mas mahusay na performance para sa sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN, na may malilina na senyales na nagsimula na ang pagbangon at nagsisimula nang mabawi ng sektor ang anumang pagkalugi."

Panghuli, nakapagtalala ang Myanmar ng pinakamalaking pagbaba sa pitong sinusubaybaying bansa, kasabay ng mga tuluy-tuloy na pagsasara ng factory sa gitna ng kaguluhan sa pulitika na patuloy na nakakaapekto nang husto sa sektor ng pagmamanupaktura. Tumaas ang PMI sa 33.0 na pinakamataas sa loob ng tatlong buwan, gayunpaman ay nagpapahiwatig ito ng malaking contraction.

Ang sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN sa pangkalahatan ay nakapagtalala ng mas mahusay na performance noong Abril. Ang pinakamabilis na pag-unlad sa mga kundisyon simula noong Hulyo 2014 ay nangyari dahil sa kapansin-pansing mas mabilis na paglago ng output at ng pinakamalaking pagdami ng bagong trabaho simula noong Mayo 2013. Tumaas din ang demand sa ibang bansa noong Abril, kung saan dumami ang mga bagong order ng export sa unang pagkakataon sa loob ng halos dalawang taon at nang katamtaman.

Kasabay ng mas malalaking kinakailangan sa output, muling nilakihan ng mga kumpanya ang kanilang aktibidad sa pagbili, kung saan ang pinakahuling pagtaas ang pinakamabilis na pagtaas simula noong Mayo 2018. Walang masyadong nagbabago sa mga imbentaryo bago ang produksyon sa buwan, habang naging mas mabagal naman ang mga stock ng mga natapos na produkto. Nagpatuloy noong Abril ang mga pagkaantala sa supply chain, bagama't pinakamaikli ang pagtagal ng mga lead time magmula noong nakaraang Nobyembre.

Binigyang-diin din sa data ng Abril ang mga tuluy-tuloy na pressure sa kapasidad sa mga producer ng produkto sa ASEAN, kung saan bahagyang dumami ang mga backlog ng trabaho sa ikalawang kasunod na buwan. Gayunpaman, patuloy na bahagyang binabawasan ng mga kumpanya ang kanilang mga tauhan noong Abril.


Pagdating sa mga presyo, kapansin-pansing tumaas ulit ang mga burden ng gastos, kung saan pinakamabilis ang rate ng inflation simula noong Nobyembre 2013. Bilang resulta, dinagdagan ng mga kumpanya ang kanilang mga average na singilin nang pinakamabilis magmula noong Oktubre 2018.

Sa hinaharap, nananatiling positibo ang mga producer ng mga produkto pagdating sa output sa paparating na taon. Sa katunayan, pinakapositibo ang mga pananaw sa kasalukuyan magmula noong Enero 2020.

Manufacturing PMI

Indonesia / Malaysia / Myanmar / Pilipinas
Singapore / Thailand / Vietnam

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

Makipag-ugnayan

Lewis Cooper
Economist
IHS Markit
Telepono: +44 1491-461-019
lewis.cooper@ihsmarkit.com

Joanna Vickers
Corporate Communications
IHS Markit
Telepono: +44-207-260-2234
joanna.vickers@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaaayos.

Kinolekta ang data ng Abril 2021 noong Abril 12-26, 2021.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2021 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahang nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa ihsmarkit.com/products/pmi.html.